



SA PAKIKIPAGTULUNGAN KAY MARIA

PAMBUNGAD

- 1.- Sa simula pa lamang ng MLC, pinag-iisipan na namin ang karisma o charism ng Marianista. Sa mga naunang International Meetings amin nang ipinaliwanag ang aming pagkakakilanlan, pinag-isipan ang aming misyon at ang aming paraan ng pagkabilang sa isang komunidad. Sa ikaapat na pagpupulong na ito, aming pinag-isipan ang presensya ni Maria sa aming buhay at sa aming pamayanan, upang mas mapalaliman pa ang aming pagkakaintindi ng aming relasyon kay Maria at siyay maipakilala sa iba.
- 2.- Sa buong buhay ng Banal na William Joseph Chaminade, at lalo na sa Shrine ng Our Lady of the Pillar sa Saragossa, ay nakatanggap ng isang makapangyarihang inspirasyon galing kay Maria. Kasama nina Adele de Batz de trenquelleon at Marie therese de Lamourous, hinuog niya ang inspirasyong ito sa isang makabagong pananaw ng misyon alang-alang sa pagbabago ng Simbahan sa Pransya sa pamamagitan ng pagtayo ng mga komunidad sa pakikipagtulungan kay Maria.¹
- 3.- Sa iba't-ibang kultura sa buong Kristiyanong mundo ay nakikita natin ang sari-saring pamamaraan ng debosyon kay Maria. Ang espirtualidad ng Marianista ay umaanyaya sa atin na makiisa kay Maria sa kanyang misyon na gawing buhay si Kristo sa ating mundo. Ang ganitong pamamaraan ng pagkakaintindi ng ating relasyon kay Maria ay tinawag na Pakikipagtulungan Kay Maria, ito ang bumubuo sa amin sa lahat ng myembro ng Pamilayang Marianista at gumagabay sa amin upang humubog at magtayo ng mga pamayanang Kristiyano.
- 4.- Upang mabuhay sa aming espirtualidad, aming hinarap ang mga pagsubok ng ating panahon sa ibat-ibang lugar na may malaking kaibahan sa kultura at mga karanasan. Ang aming buhay bilang isang komunidad ay may banta ng pagkamakasarily at pagkawatak-watak. Kaming mga Marianista ay nakakahanap ng lakas kay Maria upang harapin ang mga pagsubok na ito.
- 5.- Sa ngayon, sa pagiging alerto sa mga pagbabago ng panahon at sa kagustuhang isahin ang pananampalataya at buhay, aming nakikita sa mga turo ng aming mga tagapagtaguyod at sa aming pakikiisa kay Maria ang daan na nagbibigay inspirasyon sa amin upang palakas in ang aming pag-aalay. Aming ipinapakita ang dokumentong ito alinsunod sa tradisyon ng Marianista na umalam, magmahal at magsilbi.

¹ Throughout the history and tradition of Marianist Lay Communities this “Alliance with Mary” has also been called “Consecration to Mary” in different parts of the world.



ALAMIN

- 6.- Para sa amin si Maria ay isang walang kamtayang bukal ng kaalaman. Kung kaya, kami ay nagsusumikap na malaman ang kanyang mga ugali sa Kasulatan tulad ng mga susunod na mga kataga sa bibliya:
- 7.- Sa Annunciation (Lk 1: 26-38) aming nalaman ang pagtitiwala ni Maria sa Panginoon at ang kanyang kagalakang tanggapin ang nais ng Panginoon. Kasama niya, kami ay nagsasabing” Naway mangyari ito sa akin ayon sa iyong mga Salita”
- 8.- Sa Pagdalaw (Lk 1: 39-45) aming natutunan galing kay Maria na maging malapit at magsilbi sa iba. Kahit na sa aming kahirapan sanay matularan namin siya, na palaging handang ibigay ang buong sarili sa iba.
- 9.- Sa Magnificat, Inawit ni Maria ang kapatiran ng Diyos sa mga mahihirap, sa mga pinahihirapan at sa mga naghihikahos. Siya ang naging saksi sa pagbabago ng kapangyarihan ng Diyos na maiangat ang mga inaapi at puksain ang kasamaan sa mundo. Alinsunod sa mga halimbawa ni Maria kami ay nagnanais na maging matapang na saksi at mga propeta ng kagalingan, kapangyarihan at awa ng Panginoon.
- 10.- Sa Bethlehem, Iniluwal ni Maria si Hesus at ibinigay siya sa lahat, sa mga naapi at makapangyarihan, dagdag pa rito, alam niya kung ano ang mga nagyayari at itoy kanyang iniingatan sa kanyang puso. Alinsunod sa kanyang mga halimbawa kami nagnanais ring maging daan sa pagpasok ni Kristo sa buhay ng bawat tao rito sa mundo, upang Siya’y maisabuhay at lumago sa bawat isa, at pag-isipan ang lahat ng ito gaya ng ginawa ni Maria.
- 11.- Kinakailangang umalis ni Maria patungong Ehepto, dahil sa mga di maiiwasang pangyayari ng panahon, upang maprotektahan ang kanyang anak. Tayoy kanyang tinuturuan kung papaano tumugon sa mga bagay na ito alinsunod sa ebanghelyo.
- 12.- Nang Makita niya ang batang Hesus sa templo, Hindi naiintindihan ni Maria ang plano ng Diyos subalit kanya itong iniingatan sa kanyang puso. Sa pamamagitan nga kanyang ugali, tqayos kanyang inaanyayahang maging buhay ang pananampalatay sa atin puso, na tanggapin at gawin ang nais ng Panginoon kahit na di natin ito naiintindihan.
- 13.- Sa kasalan sa Cana, Ipinakita ni Maria ang kanyang pagkababae na nagbabantay sa kailangan ng iba at sa palagi’y may tiwala sa kanyang Anak. Nag kanyang ugali ay nag-aanyaya sa atin na makinig sa pangangailangan ng sangkatauhan at maging bukas na gawin kng anumang Kanyang nais.
- 14.- Si Maria’y nakatayo sa paanan ng Krus ng kanyang Anak kasama ng minamahal na disipulo. Nais naming maging tulad nila na tanggapin ang aming sariling pagsubok at palaging nariyan sa kahirapan ng iba. Patuloy na iniaalay ni Hesus si Maria bilang ating Ina at tayo’y kanyang tinanggap bilang mga Anak.



- 15.- Sa Pentekostes. Si Maria ay kasama ng mga apostoles ni Hesus, nagdarasal, sumusuporta sa kanilang pananampalataya at nagtitiwalang darating ang Banal na Espiritu. Inilalarawan niya sa atin na bumuo ng mga nagkakaisa at madasaling komunidad; tumulong sa misyon, magin bukas sa gawa at grasya ng banal na espiritu.
- 16.- Upang maintndihan at mapalaliman ang ating kaalaman kay Maria kinakailangan nating magdasal sa kanya, sa pormasyon at sa ating personal na buhay upang siyay maging buhay sa atin. Di lamang sa Kasulatan, nais namng mahubog ang aming mga sarili sa ibang mga pagkukunan nito, lalo na sa mga dokumento ng simbahan, sa mga sulat ng Banal na William Joseph Chaminade, sa sulat ng mga tradisyon ng Marianista at mga dokumento ng Pamilyang Marianista.

MAGMAHAL

- 17.- Tulad ni Maria, isang layko sa kanyang panahon, kami ay mga laykong marianista na nabubuhay sa isang panahon at iniaalay ang aming mga sarili, kung ano kami, sundin ang mga halimbawa ni Maria at magmahal tulad ng kanyang pagmamahal.
- 18.- Ang isang maliwanag na pagbabago ng ating panahon ay ang pagdami at paglaganap ng bayolenteng pangyayari. Bilang mga Marianista pinili naming ibasura ito at turuan ang kabataan at mga matatanda kun ano ang hustisya, kapayapaan at pagkakaisa.
- 19.- Bilang mga kasapi sa Sangkatauhan ng Panginoon na naglalakbay, namumuhay bilang tao sa lokal na simbahan, nabubuhay kami sa kwento ng aming mga kapatid. Hayagan naming ipapakita ang aming debosyon at pag-ibig kay Maria sa pamamagitan ng mga debosyong ayon sa aming kultura.
- 20.- Si Maria bilang isang babaeng madasalin, ay umaanyaya sa ating magdasal sa lahat ng panahon ng ating buhay at makiisa sa kahirapan ng iba. Si Maria ang atin tagapamagitan. Siya’y nagdarasal kasama natin at para sa atin at tayoy nananalangin sa kanya bilang Ina ni Hesus at ating Ina.
- 21.- Nagpaiwang nakikinig si Maria sa Salta ng Diyos at nabuhay sa “pananampalataya ng puso” tiwalang tinanggap ang nais ng Panginoon sa kanyang buhay. Alinsunod sa kanyang halimbawa ginawa naming batas ang pananampalataya sa aming pagmumuni-muni at ginawang sentro ng aming buhay.
- 22.- Nabubuhay kami sa diwa ng pamilya na mapagbigay, pagtanggap at pagkalinga sa kapwa, pag-alam sa presensya ni Hesus sa iba. Tulad sa pentekostes, sinasamahan ni Maria an gaming pamayanan at ginawa silang bukas para sa lahat, at mapagtanggap sa bawat tao.
- 23.- Tulad na si Maria’y Ina ng lahat, aming binuksan ang aming mga puso at pamayanan para sa lahat. Kahit na magkaiba kami ng mga ugali at pamamaraan kami ay binibigyang buhay ng aming mga kaibahang ito upang



mabigyang pansin ang buhay sa komunidad at misyon, palaganapin ang isang totoong diwa ng pamilya at pakikipag-usap.

- 24.- Tulad ni Maria, nais naming maging mapagpakumbaba sa aming mga pamilya upang ang aming komunidad ay makitaan ng simplisidad at maaari naming maialay an gaming mga talento at grasya sa kabutihan ng nakararami.
- 25.- Tulad ng pag-una ni Maria kay Elizabeth kesa kanyang sarili at piniling samahan ito, kami naway maging alerto sa pangangailangan ng aming kapwa. Ibinibigay naming ang aming sarili sa pakikipagkaisa sa mga mahihirap at sa pagpapalaganap ng hustisya.

MAGSILBI

- 26.- Bilang kasapi ng MLC, nais naming sundin ang magandang asal ni Maria sa aming personal at pangpamayanang pamumuhay at ilagay ang aming sarili sa pagsisilbi sa pamayanang aming ginagalawan. Ang aming pagiging Marianista ay tmutungo sa aming pagsaksi sa pamamagitan ng aming pagsusumikap na ang aming debosyon, ayon sa Banal na William Joseph Chaminade, ay isang mapagkawang gawang debosyon di lamang sa mga ritual o emosyon na aspeto; itoy gumagabay sa amin sa misyon.
- 27.- Inaanyayahan tayo ni Maria na makiisa sa kanya at ibigay si Hesus sa Mundo.
- 28.- Aming binabago ang aming binyag sa pakikipagkaisa kay Maria. Sa pamamagitan nito, ginusto naming mamuhay sa panghabangbuhay na misyon kasama ni Maria sa pamamagitan ng paglakbay kasama niya sa pagpapakumbaba at kalayaan. Sa pamamagitan ng pakikipagkaisang ito, kami nagtitiwala sa Banal na Espiritu upang si Kristo'y lumago't tumubo sa aming mga puso at maisakatuparan nawa ang misyon ni Maria.
- 29.- Dahil sa pakikipagtulungang it okay Maria, ang mga myembro ng MLC ay nagsasalo sa iisang pagkakakilala at misyon, isang pamamaraan ng pagkabilang sa isang pamayanan, at isang paraan ng pagtayo ng mga komunidad.
- 30.- Aming ipinapahayag ang aming pakikipagkaisa kay Maria sa isang pangpamayanang pagdiriwang na may iba't-ibang pagpapahayag depende sa lokasyon, at nirerespeto an gaming mayamang mga pagbabago.
- 31.- Ang pakikipagkaisang ito ay isang instrumento ng pagpapaalam kung saan kami ay kusang:
- Magtayo sa aming pagsaksi ng mga halimbawa ng buhay pamilya na rumerespeto sa grasya at bokasyon ng bawat myembro at kung saan ang pagiging Malaya ang magiging bunga ng aming pagmamahal.
 - Bumuo ng mga pamayanang tumatanggap sa lahat at walang diskriminasyon.
 - Reaffirm our preferential option for the youth.



- Ulitin ang aming pagbibigay pansin sa mga kabataan.
- Makibahagi sa pangkalahatang buhay n gaming mga lugar, tumulong na maitayo ang paghahari ng Panginoon sa aming pang-araw-araw na gawain, panawagan para sa kapayapaan at hustisya, at ibasura ang mga bagay na sumasalungat nito.
- Gawing importanteng aspeto ng aming buhay ang mga karanasan sa trabaho kung saan ibinigay ang isang oportunidad sa amin na maging saksi sa aming pagkakaintindi ng buhay.
- Bigyang pansin ang buhay at mga gawain para sa integridad ng Paggawa.
- Maibahagi ang pananampalataya sa mapagkumbaba at simpleng pamamaraan at debosyon sa pamayanan.

32.- Bilang kasapi ng Pamilyang Marianista na binubuo ng MLC's, Alliance Mariale, Ang Daughters of Mary Immaculate at ang Society of Mary, aming pinapalaganap ang aspeto ng pagsamba kay Maria sa simbahan. Kami ay naniniwala na ang halimbawang ito ay ang aming handog o regalo sa simbahan at na ang Banal na Espiritu'y gumabay sa amin upang kami makapagbahagi sa pagpapatayo ng bagong sangkatauhan.

Sana'y maging isa kaming simbolo ng pamayanan at ng Simbahan alinsunod sa mga sumusunod na gabay:

- Walang pagkamakasarili. Ang kanyang pintua'y bukas sa lahat ng mga naghahanap sa Panginoon.
- Pagkapantay-pantay. Ang lahat ay pinakikinggan at sinusuportahan na ipahayag ang kanilang sarili na pantay-pantay, at ang lahat ay may iisang karapatan na di binibigyang pansin ang kasarian, bansa, edukasyon, posisyon sa pamayanan, o stating pangkabuhayan.
- Pakikilahok. Ang awtoridad ay naiiinitindihan bilang isang serbisyo na walang kaunting prebilibiyo, ang lahat ng linya ay bukas para sa mga desisyon at gawain, at walang sinumang makakabatid ng pag-iisa dahil lamang iba ang kanyang pananaw.
- Pakikipag-usap. May ugali ng pakikinig at pakikisalamuha sa iba at sa ibang grupo bago pa man makapagbigay ng desisyon o paghuhukom, itoy nakakatulong sa kaalaman at pagtitiwala sa Banal na Espiritu.
- Kapatiran. Dapat na magng mapalapit sa mga mahihirap at sa mga naghihikahos upang maibigay sa kanila ang Mabuting Balita ng kanilang dignidad bilang mga anak ng Diyos at makipagtulungan upang makatayo ng isang cibilisasyon ng pag-ibig.
- Pagiging sensitibo at mapang-unawa. Mapalapit sa mga tao, makibahagi sa kanilang mga kagalakan at kalungkutan.



- Pasensya. Rumerespeto at umiintindi sa pagbabago ng iba.
- Pagkamatapang. Handing tumayo para sa hustisya at totoo upang maitayo ang kaharian ng Panginoon.

Bilang pagtatapos, kami ay nagtatayo ng simbahan kung saan ang lahat ay reponsible sa Paghahari ng Panginoon.

PAGKILALA NG LUBUSAN KAY MARIA, NAGMAMAHAL TULAD NG KANYANG PAGMAMAHAL, MASUNURING SUMASAMA SA KANYA SA KANYANG PAGSILBI SA IBA, MAGTAYO TAYO NG MAS MABUTING SANLIBUTAN.



- *Document ratified by the General Assembly at the Fourth International Meeting of the Marianist Lay Communities which took place in July 2005 in Bordeaux, France.*